

PAG-ACCESS SA PAGPUPULONG NG KONSEHO AT PAMPUBLIKONG KOMENTO SA PANAHON NG COVID-19:

Bilang kapalit ng personal na pagdalo mismo, ang mga miyembro ng publiko ay maaaring lumahok at magbigay ng komento sa pamamagitan ng telepono, Zoom, gamit ang [City Clerk Webform](#) o sa pamamagitan ng U.S. Mail ng mga nakasulat na materyales, tulad ng sumusunod:

Pampublikong Komento na Testimonya sa Panahon ng mga Pagpupulong sa Konseho

Para makapagbigay ng pampublikong komento na testimonya sa panahon ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, kailangan mo munang sumali sa pagpupulong ng Zoom Webinar online mula sa iyong desktop computer, laptop, tablet, o Smartphone, o sa pamamagitan ng pagtawag sa pagpupulong mula sa iyong cellular phone o land line.

Ang link para makasali sa Meeting Webinar ng computer, tablet, o Smartphone ay:

<https://sandiego.zoomgov.com/j/1608377897>

Para makasali gamit ang iPhone one-tap:

US: +16692545252,,1608377897#

Para makasali sa telepono:

I-dial ang 1-669-254-5252. Kapag nag-prompt na, ilagay ang Webinar ID: 160 3837 7897 #

Paano Magsalita sa Isang Partikular na Item o sa Panahon ng Hindi Naka-Agenda na Pampublikong Komento:

Kapag inilalahad ng Clerk ang item na nais mong bigyan ng komento (o ipinahiwatig na oras na para sa Hindi Naka-Agenda Pampublikong Komento), itaas ang iyong kamay sa pamamagitan ng pag-tap sa pindutang "Itaas ang iyong Kamay" sa iyong computer, tablet, o Smartphone, o ng pag-dial ng * 9 sa iyong telepono. Ilalagay ka sa pagkakasunud-sunod kung saan mo itinaas ang iyong kamay. Maaari ka lamang magsalita ng isang beses sa isang partikular na item.

Kapag ipinahiwatig ng Clerk na ikaw na ang magsalita, i-click ang unmute prompt na lilitaw sa iyong computer, tablet o Smartphone, o i-dial ang * 6 sa iyong telepono.

Komento sa Mga Item ng Agenda, Hindi Naka-Agenda na Pampublikong Komento, at Saradong Sesyon na Pampublikong Komento ay maaaring isumite gamit ang [webform](#) na nagpapahiwatig ng uri ng komento at numero ng item (kung nauugnay) kung saan nais mong isumite ang iyong komento. Ang mga komentong natanggap ng 12:00 PM para sa mga Pagpupulong sa Lunes at 8:00 AM para sa mga pagpupulong sa Martes ay ibabahagi sa Konseho ng Lungsod at ilalagay sa online kasama ang mga materyal sa pagpupulong. Ang lahat ng mga komento sa webform ay limitado sa 500 na mga salita ngunit maaaring may kasamang mga attachments o kalakip. Ang mga komentong natanggap matapos ang mga palugit na araw na inilarawan sa itaas ngunit bago matawag ang item ay isusumite sa nakasulat na rekord para sa nauugnay na item.

Mga Nakasulat na Materyales. Sa halip na magsumite ng mga nakasulat na materyales bilang isang attachment o kalakip sa webform, maaari kang magsumite sa pamamagitan ng US Mail na naka-atensyon sa City Clerk sa 202 C Street, MS2A San Diego, CA 92101. Ang mga materyales na isinumite sa pamamagitan ng US Mail ay dapat na matanggap isang araw ng may pasok o trabaho bago ang pagpupulong upang maipamahagi sa Konseho ng Lungsod. Ang mga komentong natanggap sa pamamagitan ng U.S. Mail sa araw ng pagpupulong ay isusumite sa nakasulat na rekord para sa nauugnay na item.

Maaaring matingnan ng publiko ang mga pagpupulong sa pampublikong telebisyon (sa loob lamang ng Lungsod ng San Diego) sa City TV Channel 24 para sa Cox Communication at Spectrum o Channel 99 para sa AT&T U-Verse, o [view the meetings online \(link is external\)](#).